**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 10, 137-146

# Kakayahan ng mga mag-aaral sa dyornalistikong pagsulat sa editoryal

Palsaan, Melecio, Jr., Dugas ✉
*Benguet State University, Philippines (Meleciopalsaan@gmail.com)*




**Received**: 27 April 2025 **Revised**: 12 May 2025 **Accepted**: 25 May 2025
**Available Online**: 27 May 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25139

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

Ang dyornalistikong pagsulat ay isang uri ng pagsulat na may layuning maghatid ng impormasyon sa publiko sa paraang malinaw, makatotohanan, at kapani-paniwala. Siniyasat ng pag-aaral na ito ang kamalian ng mga mag-aaral sa BSU-SLS sa pagsulat ng editoryal sa pamatnubay, katawang bahagi, at kongklusyon. Gumamit ng kwalitatibong pamamaraan na may desinyong pagsusuring pangnilalaman. Batay sa isinagawang pag-aaral, natuklasan ang tatlong kamalian sa pagsulat ng editoryal; sa pamatnubay ay ang kahabaan ng pamatnubay, maligoy na isyu, at malabong panig. Lumabas din na may tatlong kamalian sa katawang bahagi. Ito ay ang mga sumusunod: kawalan ng organisasyon, mahinang pangangatwiran, at hindi kaakmaan ng katawan sa panig ng editoryal. Sa bahaging kongklusyon naman ay kawalan ng panawagan, at kulang sa pokus.

***Keywords:*** kakayahan, dyornalistikong pagsulat, editoryal

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Kakayahan ng mga mag-aaral sa dyornalistikong pagsulat sa editoryal

## 1. Introduksyon

Ang komunikasyon ay isang proseso ng pagpapahayag at pagpapalitan ng mga ideya o kaisipan, maaaring pasalita o pasulat. Isa itong interaksyong nagaganap sa pagitan ng nagpapadala at tumatanggap ng mensahe sa pamamagitan ng mga simbolikong palatandaan verbal man o di-verbal (Del Rosario, Arpiras-Lorenzo, 2023). Sa ganitong konteksto, mahalagang maunawaan ang papel ng wika bilang pangunahing kasangkapan sa epektibong komunikasyon. Sa larangan ng edukasyon, ang wika ay may mahalagang gampanin sa pagbabahagi ng kaalaman at pagpapalawak ng pag-unawa. Isa sa mga kasanayang nagpapalalim sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ay ang pagsulat, partikular na ang pagsulat ng editoryal. Ang editoryal ay isang anyo ng sanaysay na tumatalakay sa isang napapanahong isyu, layuning maglahad ng matalinong opinyon at makahikayat ng pananaw mula sa mambabasa. Hindi lamang ito isang paraan ng pagpapahayag, kundi isa ring masinop at lohikal na proseso na nangangailangan ng pananaliksik, organisasyon ng ideya, at husay sa panghihikayat (Alkuino, 2023).

Sa ganitong kalagayan, mahalagang bigyang-diin ang papel ng komunikasyon sa pagsulat bilang mahalagang kasanayan sa pagpapahayag ng ideya, damdamin, at impormasyon. Ayon kay Widdowson (1978), ang pagsulat ay hindi basta pagsasalin lamang ng wika sa tekstuwal na anyo kundi isang masalimuot na proseso ng pagpaplano, pagbuo, at pagrerebisa ng mensahe upang matiyak ang malinaw at epektibong pagpapahayag. Dagdag pa rito, tinukoy nina Flower at Hayes (1981) na ang pagsulat ay isang kognitibong gawain na binubuo ng tatlong pangunahing yugto: pagpaplano (planning), pagsulat (translating), at pagrerebisa (reviewing). Ang tagumpay ng komunikasyon sa pagsulat ay nakasalalay sa kakayahan ng isang manunulat na maging malinaw, organisado, at angkop sa konteksto ng kanyang mga mambabasa.

Sa larangan naman ng dyornalistikong pagsulat, higit na kinakailangan ang malinaw at tuwirang paraan ng pagpapahayag. Ayon kay Mencher (2010), ang sulating pamamahayag ay dapat makatawag-pansin at madaling maunawaan upang epektibong maihatid ang impormasyon sa publiko. Sa pamamagitan nito, nagiging mas makabuluhan ang komunikasyon sa lipunan, isang mahalagang layunin ng bawat manunulat sa larangan ng pamamahayag. Sa Pag-aaral ni Honrado (2020) tungkol sa dyornalistikong pagsulat ng mga mag-aaral-manunulat: Batayan sa Pagbuo ng Interbensyon, lumabas na ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral-manunulat sa dyornalistikong pagsulat (pagsulat ng balita, tanging lathalain, editoryal at balitang isports) ayon sa persepsyon ng mga guro-tagapagsanay ay mahusay. Natuklasan din niya sa aktuwal na pagsulat na kailangan pang linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita, tanging lathalain, editoryal at balitang isports. Natuklasan niya na hindi pa marunong ang mga mag-aaral-manunulat dahil sa paglabag sa tuntunin ng dyornalistikong pagsulat.

Batay sa nabanggit na pag-aaral nangangailangan pa ng paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral-manunulat. Hindi nabanggit kung ano ang kamalian ng mga mag-aaral-manunulat sa dyornalistikong pagsulat. Ninanais ng pananaliksik na ito na alamin ang kamalian ng mga mag-aaral sa dyornalistikong pagsulat sa editoryal. Mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga tagapayo, at mga mag-aaral-manunulat sapagkat makakatulong ito sa kanila sa pagpapaunlad sa kasanayan sa pagsulat ng editoryal. Makakatulong din ito sa pagpapahusay sa kurikulum. Matukoy ang tiyak na bahagi ng editoryal na madalas nagkakaroon ng kamalian tulad ng panimula, katawan, at kongklusyon.

## 2. Batayang Konseptuwal

***Pamahayagan*** **-** Ang pamahayagan ay isang mahalagang larangan ng komunikasyon na may layuning maghatid ng tama, makabuluhan, at napapanahong impormasyon sa publiko. Ayon kay McNair (2018), ang dyornalismo ay isang pangunahing instrumento sa pagpapalaganap ng kaalaman at opinyon na nagbibigay-daan

sa masusing pag-unawa ng mga mamamayan sa mahahalagang isyu sa lipunan. Ang isang mahusay na pamamahayag ay dapat na obhetibo, mapagkakatiwalaan, at may mataas na etikal na pamantayan upang mapanatili ang kredibilidad nito. Binigyang-diin din nina Kovach at Rosenstiel (2014) na ang pangunahing tungkulin ng pamamahayag ay paghahanap at pagpapahayag ng katotohanan upang bigyang kapangyarihan ang publiko sa paggawa ng matalinong desisyon. Upang makamit ito, ginagamit ng mga mamamahayag ang iba't ibang pamamaraan tulad ng pananaliksik, panayam, at pagsusuri ng mga dokumento upang matiyak ang integridad ng impormasyon. Ayon kina Conley at Lamble (2006), ang mga pangunahing kasanayan sa dyornalismo tulad ng news writing, feature writing, editorial writing, at investigative reporting ay kailangang pag-aralan at sanayin upang matiyak ang kalidad at kredibilidad ng midya.

***Pahayagang Pangkampus -*** Ang kalayaan sa pagpapahayag ay isa sa pinakamahalagang karapatan na nakasaad sa ating konstitusyon, at ito ay isang paraan para sa check and balance. Ang campus journalism ay isa sa mga paraan sa pagbibigay ng boses sa mga mag-aaral at paraan para maipahayag nila ang kanilang mga saloobin at opinyon tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa kanila. Ang RA 7079, o ang Campus Journalism Act of 1991 noong Hulyo 5, 1991, ay nagtatadhana para sa pagbuo at pagtataguyod ng campus journalism at iba pang layunin ay sumusuporta sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng batang mamamahayag, ang mga karapatan ng kabataan, at ang pangangalaga sa integridad ng mga publikasyong pangmag-aaral. Ang batas na ito ay naglalayong isulong ang pag-unlad at paglago ng campus journalism upang palakasin ang mga pagpapahalagang etikal, hikayatin ang kritikal at malikhaing pag-iisip, at paunlarin ang moral na karakter at personal na disiplina ng kabataang Pilipino (Carbonel, 2023).

Sa Pilipinas, ito ay tumutukoy sa pagsasanay ng pamamahayag sa loob ng mga institusyong pang-edukasyon, partikular sa mga antas ng sekondarya at tersiyaryo. Ito nagsisilbing plataporma para sa mga mag-aaral na makisali sa iba't-ibang mga aktibidad sa pamamahayag, tulad ng pagsulat ng balita, lathalain, editoryal, photojournalism, radyo at T.V. broadcasting, at collaborative na desktop publishing. Malaki ang papel na ginagampanan ng campus journalism sa pagtataguyod ng kalayaan sa pamamahayag, pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, at pagbuo ng mga kasanayan sa komunikasyon sa mga mag-aaral (Miranda, 2023).

***Dyornalistikong Pagsulat -*** Ang dyornalistikong pagsulat ay isang istilo ng pagsulat na ginagamit upang mag-ulat ng mga balita sa iba't ibang format ng media. Ang mga halatang katangian ng istilo ay kinabibilangan ng maikli, simpleng mga pangungusap at talata na nagpapakita ng mga layuning kuwento batay sa mga katotohanan. Gumagamit ang mga mamamahayag ng mga panipi upang bigyan ng kredibilidad ang kuwento. Bagama't ito ang tradisyunal na pormat para sa pamamahayag, maraming mga saksakan ng balita ang may kasamang mga editoryal kung saan sila ay nakikipagtalo para sa o laban sa isang ideya o kaganapan. Noong 1970s, inilathala nina Johan Galtung at Mari Ruge ang isang pag-aaral na binuo sa mga naunang nabanggit na katangian, na tumutukoy sa ilang elemento na nag-aambag sa matagumpay o malawakang nababasang mga kuwento (Dillinger, 2023). Ayon naman kay Sam (2023), ang dyornalistikong pagsulat ay naglalayong ipaalam sa mga mambabasa sa isang layunin, maikli, at makatotohanang paraan. Gumagamit ito ng ilang mahahalagang elemento at mga diskarte sa pagsulat. Ang pamamahayag ay nag-uulat ng mga kasalukuyang kaganapan nang walang tiyak na pagsusuri. Pinapasimple nito ang mga kumplikadong paksa gamit ang mga maiikling pangungusap at pang-araw-araw na wika. Ang dyornalistikong pagsulat ay nagsusumikap para sa katumpakan ng wika, pagiging patas sa pamamagitan ng pagsasama ng maraming pananaw, at katumpakan ng katotohanan sa pamamagitan ng pangunahing batayan ng nilalaman sa mga napapatunayang mapagkukunan at mga obserbasyon.

***Special Program in Journalism -*** Ang Special Program in Journalism (SPJ) ay isang espesyal na kurikulum na naglalayong linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamahayag sa pamamagitan ng masusing pagsasanay sa pagsulat, pananaliksik, at etikal na midya. Ayon kay Deuze (2005), ang journalism education ay may mahalagang papel sa pagbuo ng kritikal na pag-iisip, pagiging mapanuri sa impormasyon, at paghubog ng responsableng mamamahayag na may kakayahang ipahayag ang katotohanan nang may integridad at pagiging obhetibo.

Ayon sa UNESCO (2007), ang isang mahusay na programa sa pamamahayag ay dapat na naglalaman ng teorya at aktwal na pagsasanay upang mabigyan ng sapat na kaalaman at kasanayan ang mga mag-aaral sa iba't ibang anyo ng pamamahayag tulad ng news writing, feature writing, editorial writing, at investigative journalism. Sa ganitong paraan, nagiging epektibong tagapagdala ng impormasyon ang mga mag-aaral at nagkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa tungkulin ng midya sa lipunan. Sa konteksto ng edukasyon sa Pilipinas, ipinatutupad ng Department of Education (DepEd, 2013) ang Special Program in Journalism upang bigyan ng mas malalim na pagsasanay ang mga mag-aaral na may interes sa pamamahayag. Ang programang ito ay naglalayong palakasin ang kanilang kasanayan sa pagsusulat, pananaliksik, at teknolohiya sa komunikasyon, pati na rin ang etikal na paggamit ng midya sa pagbabalita at pagbibigay opinyon.

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong pamaraan, tinukoy at inilarawan sa pag-aaral na ito ang mga kamalian sa pagsulat ng editoryal ng mga mag-aaral. Pagsusuring pangnilalaman ang ginamit na desinyo, ginamit ang pagsusuring pangnilalaman upang matukoy ang mga kamalian sa pagsulat ng editoryal ng mga mag-aaral at upang matukoy ang nilalaman ng sulatin.

***Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral -*** Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Benguet State University-Secondary Laboratory School (BSU-SLS) La Trinidad Campus. Dahil ang paaralan ay mayroon silang Special Program in Campus Journalism (SPJ). Ang pokus ng pananaliksik na ito ay ang kamalian sa pagsulat ng Editoryal lamang, hindi nito sakop ang ibang uri ng sulatin sa pamamahayag. Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay ang nasa ikawalong baitang dahil karamihan sa ikawalong baitang ay miyembro din ng opisyal na pahayagan ng BSU-SLS at sila rin ang inaasahan na nakatamo sa kasanayan sa pagsulat ng editoryal. Itinuturo sa antas walo ang editoryal sa BSU-SLS sa una at pangalawang markahan.

***Mga Instrumento sa Paglilikom ng Datos -*** Sa paglilikom ng datos, ginamit ng mananaliksik ang mga sulatin na editoryal. Nagsagawa ang mananaliksik ng pagsusuri sa nilalaman ng mga sulatin na editoryal ng mga mag-aaral para matukoy ang mga kamalian sa pagsulat ng editoryal.

***Paraan sa Paglilikom ng Datos -*** Sa paglilikom ng mga datos, isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang. Una, hiningi ng mananaliksik ang pagsang-ayon ng pamunuan ng Benguet State University-Secondary Laboratory School. Matapos makuha ang pahintulot ay sinimulan ng mananaliksik ang pagpapasulat ng editoryal sa mga mag-aaral. Ang mga naisulat na editoryal ay binasa at sinuri ng mga mananaliksik upang matukoy ang mga kamalian sa editoiryal sa isinulat ng mga mag-aaral at ito ay isa-isang itinala.

***Pagtrato ng Datos -*** Sa pag-aaral na ito ay ginamit ang pagsusuring pangnilalaman upang matukoy ang mga kamalian sa pagsulat ng mga mag-aaral-manunulat. Nagsagawa rin ang mananaliksik ng content nalisis o pagsusuring pangnilalaman sa mga editoryal na ipinasulat sa mga mag-aaral. Pagkatapos binasa at sinuri ng mananaliksik ang mga editoryal ay inilista ang mga natukoy na kamalian. Ang mga kamaliang ito ay pinangkat ayon sa pagkakatulad at idinaan sa koding at kategorasyon hanggang sa mabuo ang tema.

## 4. Pagtalakay sa resulta

### *4.1 Kamalian sa pagsulat ng pamatnubay na makikita sa editoryal ng mga mag-aaral.*

Ang pagsulat ng pamatnubay ay nangangailangan na malinaw ang isyu ng editoryal. Ito ay isang mahalagang bahagi ng editoryal na naglalayong makuha ang interes ng mambabasa. Ang sumusunod ay mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pamatnubay sa isang editoryal: kahabaan ng pamatnubay, maligoy na isyu, at malabong panig.

***Kahabaan ng Pamatnubay -*** Ang pangunahing layunin ng pamatnubay sa isang editoryal ay makuha agad

ang interes ng mambabasa sa pamamagitan ng isang maikli ngunit makahulugang pahayag. Isa sa katangian ng pamatnubay sa editoryal ay maikli at malinaw, dapat ito ay tuwiran sa punto at hindi paligoy-ligoy upang agad na makuha ng mambabasa ang mensahe. Sa editoryal ng mga mag-aaral na sinuri, lumampas sa inaasahang haba ang pamatnubay na naging dahilan ng pagkawala ng diin sa mahahalagang punto. Isa sa mga pangunahing kamalian ay ang paggamit ng mahahabang parirala na maaaring paikliin nang hindi nababawasan ang kahulugan. Patunay ang pamatnubay ng mag-aaral ng editoryal.

> *Ang La Trinidad ay isang kilalang munisipalidad sa Benguet, ay kasalukuyang humaharap ng problema sa trapiko na nagbabanta sa katatagan ng ekonomiya at kalidad ng buhay ng mga residente at negosyante. Sa mabilis na pagdami ng populasyon at pagtaas ng aktibidad sa agrikultura, madalas na nakakaranas ng matinding pagsisiksikan ang mga sasakyan, mag-aaral at mga manggagawa na papasok sa trabaho.*

Mula sa pamatnubay ng mag-aaral ay makikita ang kahabaan, ang pagbanggit na *"Ang La Trinidad ay isang munisipalidad sa Benguet"* ay maaari nang paikliin sa **"Ang La Trinidad sa Benguet..."** dahil likas nang alam ng mga mambabasa na ito ay isang munisipalidad. Bukod dito, ang paggamit ng dalawang “ay” sa iisang pangungusap ay nagdudulot ng kalituhan at nagpapahaba pa sa pahayag.

Mapapansin din ang pangungusap na **"Sa mabilis na pagdami ng populasyon at pagtaas ng aktibidad sa agrikultura, madalas na nakakaranas ng matinding pagsisiksikan ang mga sasakyan"** ay naglalaman ng mga detalye na maaari namang ipaliwanag sa katawan ng editoryal. Ang mga salitang **"mabilis na pagdami ng populasyon"** at **"pagtaas ng aktibidad sa agrikultura"** ay mahalagang impormasyon na hindi dapat ilahad agad sa pamatnubay. Dapat na ituon ang pamatnubay sa pangunahing ideya na may suliranin sa trapiko at ito ay may negatibong epekto sa ekonomiya at kalidad ng buhay. Ang mga detalyeng sumusuporta ay dapat na ipinapaliwanag sa mga kasunod na talata.

Ang pagiging epektibo ng isang pamatnubay ay nakasalalay sa kakayahan nitong pukawin ang interes ng mambabasa sa pinakamaikling paraan. Ayon kay Sibayan (2022), ang mahusay na pagsulat ay yaong nagpapahayag ng malinaw na ideya gamit ang tiyak at maigting na mga salita, at hindi kinakalat ang atensyon ng mambabasa sa pamamagitan ng labis na pagpapaliwanag.Sa aklat ni Alkuino (2014) ang pamatnubay sa isang mini skirt, ito ay kailangan maikli at nakatatawag pansin para basahin ng mambabasa.

***Maligoy na isyu -*** Hindi lang ang kahabaan ng pamatnubay ang makikitang mali sa pagsulat ng pamatnubay kundi ang pagsulat ng isyu, sa pagsulat ng pamatnubay ng editoryal ay nararapat na taglayin ang malinaw na isyu. Sa halimbawang pamatnubay. Ang pamatnubay ng editoryal ay may kamalian sa paglalahad ng isyu dahil hindi malinaw kung ano ang pangunahing paksa. Patunay pamatnubay ng mag-aaral ng editoryal.

> *Ang Baguio ay tinaguriang Summer Capital ng Pilipinas dahil sa kanyang malamig na klima at magandang tanawin, ay ngayon ay nahaharap sa isang lumalalang problema sa trapiko na nagdudulot ng hindi maiiwasang abala sa mga residente at turista.*

Mapapansin natin sa pamatnubay ng editoryal ang kamalian sa pagsulat ng isyu. Ang pangunahing isyu na nais talakayin ay ang **problema sa trapiko** sa Baguio. Gayunpaman, hindi ito naging malinaw dahil mas binigyang-diin ng pamatnubay ang deskripsyon ng Baguio bilang **“Summer Capital ng Pilipinas”** kaysa sa aktwal na isyu. Dahil sa mas mahabang pagtuon sa pagpapakilala sa Baguio, lumalabas na pangalawa lamang sa prayoridad ng editoryal ang isyu ng trapiko. Sa halip na maging malinaw na pahayag ng problema, naging maligoy ang una nitong pangungusap. Maaaring mawalan ng ganang ipagpatuloy ang pagbabasa kung hindi maayos ang pagkasulat ng artikulo. Iwasang magdagdag ng mga salitang hindi makakatulong (Hill, 2018).

***Malabong panig -*** Isa pang kamalian na mapapansin sa pagsulat ng pamatnubay ay ang **kawalan ng malinaw na panig, ang pamatnubay ng isang editoryal ay nagtataglay ng panig sa isyu na ipinakilala.** Ang panig ay mahalaga dahil ito ang nagpapakita ng tindig ng editoryal sa usapin. Kung walang paninindigan,

nagmumukhang impormasyong balita lamang ang pamatnubay sa halip na isang mapanuring bahagi ng editoryal. Patunay ang pamatnubay ng mag-aaral-manunulat sa editoryal.

> *Ang Dengue ay nananatiling isang malubhang problema sa Pilipinas dahil sa klima at madalas na ulan na nagiging sanhi ng pagdami ng lamok. Ang sakit ay nagreresulta sa mataas na lagnat at maaaring magdulot ng malubhang komplikasyon.*

Mapapansin sa pamatnubay na ito ay simpleng paglalahad ng sitwasyon tungkol sa Dengue sa Pilipinas. Hindi nito tiyak na ipinapahayag kung ano ang nais na panig ng editoryal. Mapapansing sa halip na direktang magbigay ng posisyon o tindig hinggil sa isyu ng Dengue, ang pahayag ay nagiging paglalarawan lamang ng sitwasyon. Hindi rin malinaw kung ang editoryal ay nananawagan ng aksyon, nagbibigay ng babala, o pumupuna sa mga ahensya ng gobyerno. Walang direktang matalinong opinyon kung sino ang may pananagutan, anong aksyon ang kinakailangan, o kung anong hakbang ang dapat gawin upang masolusyunan ang problema. Kung babasahin, ang tono ng pamatnubay ay masyadong **neutral** at hindi nakakapukaw ng emosyon o damdamin ng mambabasa. Binanggit man ang isyu sa editoryal, hindi naman isinaad kung ano ang pananaw ng editoryal.

*4.2 Kamalian sa pagsulat ng katawang bahagi na makikita sa editoryal ng mga mag-aaral.*

Ang katawan ng editoryal ay mahalagang bahagi sapagkat dito matatagpuan ang mga paliwanag, ebidensya, at lohikal na pangangatwiran na sumusuporta sa paninindigan ng editoryal. Ang mga sumusunod ay mga kamalian ng mga mag-aaral-manunulat sa pagsulat ng katawan sa editoryal: kawalan ng organisasyon, mahinang pangangatwiran, at hindi kaakmaan ng panig sa katawan. Ayon sa Department of Education (2020), Kapag ang editoryal ay may malinaw at makatuwirang panig, mas madali nitong maimpluwensyahan ang pananaw ng mambabasa ukol sa isyu. Nagiging mas matimbang ang pahayag kung ito ay may malinaw na posisyon. Ang panig ay dapat ipinapahayag sa paraang makapanghikayat sa mambabasa na suriin ang kanilang sariling opinyon.

***Kawalan ng Organisasyon -*** Sa pagsulat ng katawan sa editoryal ay gumagamit tayo ng inverted pyramid na siyang nagiging gabay upang maayos ang daloy ng sulatin. Napag-alaman na pagdating sa organisasyon ng ideya ng mga mag-aaral sa katawan ng editoryal ay hindi maayos ang organisasyon ng mga impormasyon, argumento, at solusyon na inilahad. Patunay ang katawan ng editorayal ng mag-aaral-manunulat.

> *Ang lokal na pamahalaan ay dapat magbigay-priyoridad sa malinaw at maayos na komunikasyon, epektibong pamamahala ng trapiko at makipagtulungan sa komunidad upang hanapan ng solusyon. Ang pansamantalang abalang ito ay isang kinakailngan hakbang patungo sa mas konektado at maunlad na bayan.*
>
> *Upang masolusyunan ang isyu, mahalagang tutukan ang pagbuo ng epektibong sistema ng pampasaherong transportasyon, tulad ng mg shutle services at pablic transport routes. Ang pagpapalawak ng bike lanes at pedestrian walkways, pati na rin ang pag-aalok ng carpooling options ay maaaring makatulong. Ang pakikilahok ng komunidad at negosyo ay kinakailangan upang mapabuti ang sitwasyon. Sa papamagitan ng magkakaugnay na hakbang mula sa pamahalaan, negosyo, at mamamayan ay makakamit ang mas maayos na daloy ng trapiko at mapapanatili ang kagandahan at kasiyahan ng lungsod habang tinutugunan ang probemang ito.*

Makikita sa katawan na ito ng editoryal na sa halip na ipaliwanag muna kung bakit mahalaga ang pagsasaayos ng pampublikong transportasyon, agad na binanggit ang mga mungkahing hakbang tulad ng **shuttle services**, **bike lanes**, at **carpooling options**. Ito ay nagiging sanhi ng kalituhan sa mga mambabasa dahil hindi pa nila lubos na nauunawaan kung ano ang ugat ng suliranin na nais tugunan.

Mapapansin din na nagkaroon ng sabay-sabay na pagbanggit ng iba't ibang solusyon nang walang maayos na transisyon sa pagitan ng mga ito. Ang pagbanggit sa komunikasyon ng lokal na pamahalaan, mga

alternatibong transportasyon, at pakikilahok ng komunidad ay tila pinaghalo-halo lamang sa halip na ilahad ito nang sunod-sunod batay sa lohikal na daloy ng ideya. Isa pang kapansin-pansing kamalian ay ang kakulangan ng malinaw na transisyon sa pagitan ng mga talata.

Ayon sa BC Campus (2021), ang mabisang pagpapahayag ng iyong mga ideya sa iyong mga mambabasa ay nangangailangan ng mahusay na istruktura at organisasyon. Ang pagtukoy kung ano ang sasabihin muna, kung paano gabayan ang iyong mambabasa mula sa isang seksyon patungo sa isa pa, at kung saan magdagdag ng impormasyon at pananaw ay maaaring gawing malakas at propesyunal ang iyong pagsulat. Hindi mahalaga kung anong uri ng pagsusulat ang gagawin mo, mahahanp mpo na ang mahusay na organisasyon ay magdadala sa iyong sulatin sa mataas na kalidad.

***Mahinang Pangangatwiran -*** Isa pang kamalian sa katawan ng editoryal na makikita ay ang kakulangan ng suporta o ebidensya. Makikita ang kakulangan sa ebidensya sa katawan ng editoryal ay nagdulot ng kahinaan sa mga inilatag na argumento at solusyon. Patunay ang parehong katawan ng editoryal ng mag-aaral-manunulat sa naunang natalakay. Makikitang may mga mungkahing hakbang na binanggit tulad ng **shuttle services**, **bike lanes**, at **carpooling options**, hindi ito sinamahan ng mga kongkretong datos, istatistika, o mga halimbawa na magpapatunay na epektibo ang mga panukalang ito. Dahil dito, nawalan ng sapat na kredibilidad ang mga ideya dahil kulang sa mga konkretong batayan na magbigay ng tiwala sa mambabasa. Kung titingnan puro haka-haka lamang ang mga panukala dahil hindi ito sinusuportahan ng mga pag-aaral, panayam mula sa mga eksperto, o karanasan mula sa ibang lugar na nagpatupad ng parehong hakbang. Kulang din sa personal na testamento o salaysay ng mga indibidwal na nakaranas ng mga problemang kaugnay ng trapiko. Mapapansin din na walang isinamang karanasan ng isang empleyado o mag-aaral na nahuhuli sa trabaho dahil sa mabagal na daloy ng trapiko upang mas madali para sa mga mambabasa na i-ugnay sa sarili at mas maiintindihan nila kung bakit mahalaga ang mga iminungkahing solusyon.

Ang pangangalap ng sapat na datos at paggamit nito bilang patunay sa pngangatwiran ay lubos na hinihikayat sa manunulat para magsaliksik. Umaaayon ito sa paglalarawan ni Malinao (2008) na ang isang manunulat ng editoryal ay itinuturing na seasoned wordsmiths' o bihasang-bihasa sa pagsulat at marunong pumili ng mga salitang gagamitin, hinihikayat nito ang pangangatwiran ng mambabasa. Ayon naman sa Walden University (2014) ay kailangan ng analisis ng ebedensiya sa kanyang pangungusap. Ang analisis ng manunulat ang magsasabi sa mga mambabasa kung bakit mahalaga ang mga ebidensiyag kanyang inilahad, kung ano ang ibig sabihin nito, at kung ano ang kaugnayan nito sa mga iba pang ideya na nasa kanyang isinulat.

***Hindi kaakmaan ng katawan sa panig ng editorial -*** Sa pagsulat ng editoryal, agad na ipinakilala ang isyu at kasunod nito ang panig sa bahaging pamatnubay. Pagkatapos mailahad ang isyu at panig, sa katawan naman ay isinisiwalat ng editoryal ang dahilan ng panig o paninindigan, ibinubuhos ang mga mahahalagang ebidensya upang suportahan ang panig ng editoryal tungkol sa isyu. Gayunpaman, may kamalian sa hindi kaakmaan ng katawan sa bahagi ng editoryal na ito. Patunay ang pamatnubay at katawan ng editorayal ng mag-aaral.

> *Dapat ipatupad ang mas mahigpit na regulasyon sa paggamit ng social media upang maprotektahan ang mental na kalusugan ng mga kabataan.*
>
> *Ang pagpapataw ng mas mahigpit na regulasyon sa social media ay maaaring magdulot ng mas maraming problema kaysa sa solusyon. Una, ito ay maaaring maging hadlang sa kalayaan ng pagpapahayag. Ang mga kabataan ay gumagamit ng social media hindi lamang para sa libangan kundi pati na rin upang magbahagi ng kanilang pananaw, makipag-ugnayan sa mga kaibigan, at makilahok sa mga mahahalagang diskusyon sa lipunan.*

Mapapansin sa editoryal na tumatalakay ito sa argumento hinggil sa pagpapatupad ng mas mahigpit na regulasyon sa social media upang maprotektahan ang mental na kalusugan ng mga kabataan. Gayunpaman, hindi akma ang katawan sa panig ng editoryal na binanggit sa pamatnubay. Makikita sa pamatnubay na ang pangunahing ideya ng editoryal ay tungkol sa pangangailangan ng mas mahigpit na regulasyon sa social media.

Gayunpaman, sa sumunod na talata ay agad itong sinalungat sa pagsasabing ang naturang regulasyon ay maaaring magdulot ng mas maraming problema kaysa solusyon. Dito, nagkaroon ng hindi malinaw na ugnayan sa pagitan ng panig ng argumento at ng tinatalakay na paksa. Makikita na sinasabing ang social media ay mahalaga para sa kalayaan ng pagpapahayag, hindi ito direktang tumutugon sa pangunahing isyu ng mental na kalusugan ng mga kabataan. Ang editoryal ay hindi nagbigay ng konkretong paliwanag kung paano eksaktong makaaapekto ang mahigpit na regulasyon sa mental na kalusugan.

Ayon kay Alkuino et al., (2015) ang katawang bahagi ng editoryal ay ipinapakita nito ang mga factual na detalye upang suportahan ang opinyon o prinsipyo ng pahayagan ukol sa ibinigay na isyu. Ang mga argumento dito ay inayos mula sa pinakamahalaga hanggang sa pinakamaliit na kahalagahan Ayon ka Zacarias (2018), ang unang kinakailangan sa isang argumentatibong editoryal ay isang bagay na kailangang ipagtanggol, iyon ay isang tanong na may dalawang panig, o tinatawag na proposisyon. Ang kakulangan ng isang pormuladong proposisyon ang nagiging dahilan kung bakit ang isang manunulat ay nagiging paikot-ikot sa paksa nang hindi tumatalakay dito ng tuwiran. Kaya't ang pagpapahayag ng proposisyon ang unang hakbang.

*4.3 Kamalian sa pagsulat ng konklusyon na makikita sa editoryal ng mga mag-aaral.*

Ang **konklusyon** sa isang editoryal ay mahalagang bahagi na nagsisilbing pangwakas na pahayag ng may-akda upang bigyang-diin ang kanyang pangunahing ideya o argumento. Sa bahaging ito, karaniwan nang inuulit o pinagtitibay ng manunulat ang kanyang paninindigan upang higit itong tumatak sa isipan ng mga mambabasa. Bukod sa pag-uulit ng pangunahing ideya, madalas ding naglalaman ng **panawagan sa aksyon** ang konklusyon. Sa ganitong paraan, hinihikayat ng manunulat ang kanyang mga mambabasa na maging bahagi ng solusyon sa isyu. Ang mga sumusunod ay mga kamalian ng mga mag-aaral sa pagsulat ng konklusyon: kawalan ng panawagan, at kulang sa pokus.

***Kawalan ng Panawagan -*** Isa sa mga pagkakamali ay ang hindi paglalagay ng anumang panawagan sa bahagi ng konklusyon, walang malinaw na direksyon para sa mambabasa. Patunay ang konklusyon ng editorayal ng mag-aaral.

> *Ang isyu ng polusyon sa ating bansa ay patuloy na lumalala. Maraming pabrika ang patuloy na nagtatapon ng basura sa mga ilog at dagat na nagdudulot ng matinding pinsala sa kalikasan. Kung hindi ito maagapan, tiyak na mas lalo pang lalala ang sitwasyon sa hinaharap.*

Makikita sa konklusyong ito ay kulang sa **call to action** o panawagan sa mambabasa. Hindi ito nag-aalok ng kongkretong solusyon o panghihikayat sa mga mambabasa na kumilos. Bagamat malinaw na nailarawan ang epekto ng polusyon sa kalikasan, kulang ito sa elemento ng paghimok sa mga mambabasa na kumilos o magbigay ng suporta sa mga posibleng solusyon. Ayon kay Herrity, (2025) Ang iyong konklusyon ay dapat magbigay sa mambabasa ng isang malinaw na solusyon, bagong pananaw, o paanyaya upang kumilos. Ipahiwatig kung ano ang kahalagahan ng iyong mga argumento at bakit ito mahalaga, at bakit nararapat itong pagtuunan ng pansin. Layunin mong mag-iwan ng ideyang mapag-iisipan ng iyong mambabasa.

***Kulang sa Pokus -*** Isa sa kamalian ng mag-aaral na natuklasan mula sa kanilang artikulo ay ang kakulangan ng pagpapanatili sa pokus ng artikulo. Patunay ang konklusyon ng editorayal ng mag-aaral-manunulat.

> *Ang Pilipinas ay isa ssa mga bansa na maraming nasasalanta at nababaha dahil sa mga bagyo kaya aasahan natin na hindi nawawala ang bagyo at dapat maging aktibo tayo sa mga balita para hindi tayo magkakaroon ng problema kapag mayroong paparating na bagyo sa ating lugar at dapat magtulungan tayo sa isa't isa.*

Mula sa konklusyon ay mapapansin na nagsimula ang pahayag sa pagbanggit na maraming bagyo ang dumaraan sa Pilipinas, ngunit lumihis ito patungo sa pangkalahatang pahayag ng pagtutulungan nang hindi malinaw kung paano ito konektado sa paghahanda sa bagyo. Kung titingnan, ang ideya ay nagsimula ito sa

maraming bagyo sa Pilipinas. Kasunod nito, binanggit na “hindi nawawala ang bagyo” na tila inuulit lamang ang unang ideya. Mapapansin din na biglang lumihis sa pangkalahatang ideya ng pagtutulungan na hindi konektado sa pagiging aktibo sa balita. Dahil dito, hindi nagkaroon ng malinaw na ugnayan sa pagitan ng mga ideyang inilalahad.

Ayon sa DepEd (2016), ang kongklusyon ay ang pangwakas na bahagi ng isang sulatin lalo na sa mga tekstong argumentatibo gaya ng editoryal kaya’t mahalagang ito ay may malinaw na pokus. Ang pokus sa kongklusyon ay tumutukoy sa kakayahan ng manunulat na ituloy ang punto na ideya o panig hanggang sa dulo upang mabisang maisara ang talakayan. Ayon naman kay De Villa et al., (2001) Isara ang editoryal na may layuning mag-iwan ng matinding epekto sa isipan ng mambabasa. Tapusin ang editoryal sa pamamagitan ng pagbubuod ng mga mahahalagang punto na tinalakay sa katawan ng editoryal. Pahintulutan ang mga mambabasa na mag-isip at magmuni-muni tungkol sa mga ideya na ipinakita, kahit na tapos na nilang basahin ang editoryal.

## 5. Kongklusyon

Mula sa mga datos at resultang nakalap, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

- Ang kamalian na makikita sa editoryal ng mga mag-aaral sa pamatnubay ay kahabaan ng pamatnubay, maligoy na isyu, at malabong panig.
- Sa katawang bahagi naman ay kawalan ng organisasyon, mahinang pangangatwiran, at hindi kaakmaan ng katawan sa panig ng editoryal.
- Sa bahaging kongklusyon naman ay kawalan ng panawagan, at kulang sa pokus.

***Pasasalamat -*** Taos-puso at hindi matatawarang pasasalamat kay Dr. Dominga S. Tomas, sa walang sawang pagbibigay gabay, konsiderasyon, oras, at pasesnsiya sa bawat kamalian para sa ikagaganda at ikatatagumpay ng pag-aaral na ito.

## 6. Sanggunian

Alkuino, G. E. (2014). *Pampaaralang pamamahayag sa bagong henerasyon* (2014 ed.). General Santos City: GenSan RFM Printing Corporation.

Alkuino, G. E. (2023). *Pampaaralang pamahayagan sa bagong edisyon* (2023 ed.). General Santos City: GenSan RFM Printing Corporation.

Alkuino, G. E., & Cardeño, E. D. (2015). *Campus Journ Legacy* (2015 ed.). General Santos City: GenSan RFM (Motong) Printing Corporation.

BC Campus. (2021). *Writing for success – 1st Canadian H5P edition: Organizing your writing*. Hinango sa https://opentextbc.ca/writingforsuccessh5p/chapter/organizing-yourwriting

Carbonel, M. (2023). *Why campus journalism*. GuruPress-Cordillera. Hinango sa https://www.gurupress-cordillera.com/post/why-campus-journalism

Conley, D., & Lamble, S. (2006). *The daily miracle: An introduction to journalism*. Oxford University Press.

De Villa, T., & Baetiong, L. (2001). *Journalism for Filipino students*. SIBS Publishing House Inc.

Del Rosario, M. G., & Aspiras-Lorenzo, K. A. (2023). *Pinagyamang pluma: Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino* (2023 ed.). Phoenix Publishing House.

Department of Education (DepEd). (2013). *Special Program in Journalism (SPJ) curriculum guide*.

Department of Education (DepEd). (2016). *K to 12 Gabay pangkurikulum sa Filipino*. Hinango sa https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf

Department of Education (DepEd). (2020). *Most Essential Learning Competencies (MELCs) in Filipino*.

Deuze, M. (2005). What is journalism? Professional identity and ideology of journalists reconsidered. *Journalism*, *6*(4), 442–464.

Dillenger, J. (2023). *Journalistic writing: Definition, feature and example*. Hinango sa https://study.com/academy/lesson/video/journalistic-writing-characteristics

Flower, L., & Hayes, J. R. (2004). A cognitive process theory of writing. *College Composition and Communication*. Hinango sa Hinango sa https://www.researchgate.net/publication/239552089_A_Cognitive_Process_Theory_of_Writing

Heritty, J. (2025). *How to write a good essay introduction in 4 simple steps*. Indeed. Hinango sa https://www.indeed.com/career-advice/career-development/how-to-write-a-good-introduction

Hill, T. (2018). *Thirteen rules for writing good essays*. Psychology Today. Hinango sa https://www.psychologytoday.com/us/blog/statistical-life/201803/13-rules-writing-good-essays

Honrado, J. P. 2020. Drornalistikong Pagsulat ng mga mag-aaral-manunulat: Batayan sa Pagbuo ng Interbensyon. Benguet State University.

Kovach, B., & Rosenstiel, T. (2014). *The elements of journalism: What newspeople should know and the public should expect*. Three Rivers Press.

Malinao, A. (2008). *Feature, editorial and opinion writing with glossary of common English idioms*. Mandaluyong City: Echanis Press.

McNair, B. (2018). An introduction to political communication. Routledge. Hinango sa https://www.routledge.com/An-Introduction-to-Political Communication/McNairMcNair/p/book/9780415739429

Mencher, M. (2010). *News reporting and writing*. McGraw-Hill Education. Hinango sa https://www.amazon.com/MelvinMenchersNewsReportingWriting/dp/0073511994

Miranda, M. L. (2023). *Pupil's journalistic capability: Basis for training program*. *Psychology and Education: Multidisciplinary Journal*. Hinango sa https://ejournals.ph/article.php?id=21380

Sam. (2023). *Elements of journalistic writing*. Scribd. Hinango sa https://www.scribd.com/document/634710807/ELEMENTSOFJOURNALISTIC-WRITING.

Sibayan, B. P. (2022). *The intellectualization of Filipino and other sociolinguistic and education essays*. Manila: Linguistic Society of the Philippines. Hinango sa https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-35/1/1-de-leon.pdf

UNESCO. (2007). *Model curricula for journalism education*. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization.

Walden University. (2014). *Using evidence: Analysis*. Hinango sa https://academicguides.waldenu.edu/writingcenter/evidence

Widdowson, H. G. (1978). *Teaching language as communication*. Oxford University Press.

Zacarias, M. (2018). *Editorial & column writing 101*. Z-Line Graphics Services.